PAHAYAGAN NG
# Kabitenyo
ISSN-1656-0558
In God We Trust
VOL. 20 NO. 40 NOVEMBER 29 - DECEMBER 5, 2021 10.00

# Cayetano: Sustain bayanihan by donating through faith-based groups

**Former House Speaker Alan Peter Cayetano on Friday called on the public to sustain bayanihan efforts to help struggling small businesses recover from the pandemic by directing their donations to faith-based organizations that have existing outreach programs.**

"Idiretso na po natin sa kanila, para kahit panahon ng kampanya ay tuloy-tuloy ito at hindi nanggagaling ang effort po sa isang kandidato," Cayetano said as he appealed to donors to help de-politicize aid amid the pandemic.

(Let's direct the donations to faith-based organizations so that even during the campaign, we can still help people and it doesn't come from the efforts of any candidate.)

"Doon po sa mga gustong mag-continue ng programang ito, lalo na po sa mga donors na payag kayo sa inyong mga lugar, kung may mga NGO dyan o may pari o pastor o imam na mahilig sa mga outreaches, may ministry talaga sa pagtulong, sa kanila na po natin ibigay," he added, in reference to the Sari-saring Pag-asa cash aid program for small businesses.

(To those who want to continue Sari-saring Pag-asa, especially to donors who are willing to sponsor NGOs and religious people who have outreach programs, with existing ministries for relief, let's donate to them instead.)

Cayetano made the call on a live video posted on his Facebook page before the November 26, 2021 episode of Sari-saring Pag-asa Season 2 went online.

(continued on page 3)

## HERD IMMUNITY, NAKAMIT NA NG NOVELETA; 0 ACTIVE CASES NAITALA




Ibinahagi ni Noveleta Mayor Dino Reyes Chua na wala nang naitalang bagong kaso ng #COVID19 sa kanilang bayan hanggang nitong Nobyembre 24.

"Malugod ko pong inaanunsyo sa inyo na ZERO Covid Cases napo tayo mula sa araw na ito!! Maraming Salamat po sa lahat ng Medical Frontliners and Health Workers na nagsumikap upang labanan ang krisis na ito," ani Chua.

Dagdag pa rito, isang ring magandang balita na nakamit na ng kanilang lokal na pamahalaan ang herd immunity sa pagbabakuna.

"Nakamit na din po natin ang "HERD IMMUNITY" dahil na-hit napo natin ang more than 70% ng ating populasyon na nabakunahan na ng second dose," pahayag ni Chua.

"Walang imposible sa pagkakaisa! Walang imposible sa Bayan ng mga Bayani," dagdag pa ng alkalde.

## PAGTUTUROK NG BOOSTER SHOTS, SINIMULAN SA CAVITE CITY



Sinimulan ng pamahalaang lokal ng Cavite City ang booster shots vaccination para sa mga residente at manggagawa sa lungsod nitong Nobyembre 24. Ayon sa naging anunsiyo ng Cavite CHO, ang mga kabilang sa A1 priority group o mga healthcare worker ang uunahin nilang bigyan ng booster shot at susundan din ito ng mga senior citizen.

## MGA RESIDENTE NG CARMONA, SILANG AT GMA: TUMANGGAP MULI NG MEDICAL/BURIAL ASSISTANCE AT FINANCIAL ASSISTANCE PARA SA MGA TRICYCLE DRIVERS




Katuwang ang Department of Social Welfare and Development, 156 indibidwal mula sa mga bayan ng Carmona, Silang at General Mariano Alvarez ang tumanggap ng medical/burial at financial assistance para sa mga tricycle drivers mula kina Congresswoman Dahlia at former Congressman Roy Loyola.







Samantala, naging kabahagi din nina #CongwDahlia at #CongRoy sa nasabing programa sina BM Ivee Reyes at ang Lokal na Pamahalaan ng Silang na pangunguna nina Mayor Corie Poblete at Vice Mayor Aidel Belamide.

Ang programang ito ay mula sa Assistance to Individuals in Crisis Situation (AICS) ng DSWD na may layuning matugunan ang pangangailangan ng ating mga kababayan ngayong panahon ng pandemya.









Sa panahon po na matagal hindi nakalabas ang mga bata dahil sa pandemya, hiling ko po ay may lugar sila na mapaglalaruan kapag nakabalik na tayo sa normal.

Kaya't masaya po ako na naisakatuparan ito nang maipatayo natin ang Covered Court sa Pasong Buaya. Alam ko po na hindi lamang kabataan ang mapagsisilbihan nito kundi bawat Imusenyo. Alagaan po sana natin at gamitin para sa ikabubuti ng bawat isa.

ACCEPTING ADS - 0928-4682788 * E-mail add: pahayaganngkabitenyo@Yahoo.com

## Yaya noon, president at CEO na ng private school sa Canada ngayon

Hindi naging madali ang tagumpay na nakamit ni Abby Villanueva, na dating yaya noon sa Hongkong at ngayon ay may-ari ng isang pribadong eskuwelahan sa Alberta, Canada.

Aminado si Abby, tubong-Ilocos, na marami siyang pinagdaanan bago siya nag-migrate sa Canada at tuparin ang kaniyang mga pangarap doon.

Dalawang taon munang namasukang si Abby bilang isang yaya sa Hong Kong, at saka ito tinulungan ng kanyang amo na mag-migrate sa Canada.

Ayon ni Abby sa panayam ng OMNI News, "She hired me pero ang purpose niya talaga is to make sure na mabibigyan niya ako ng leverage to improve my life in Canada."

"So, nag-nanny ako ng two years. After that, sinuportahan nila ako to get my open work permit… And then after my permanent residency, nag-start na ako [sa] nonprofit organization," kwento niya.




Sa kabila ng mga pagsubok, hindi sumuko si Abby at nagdesisyong gamitin ang kanyang background sa education.

"I had my foundation of education mismo sa Mariano Marcos State University,"

Nitong 2020, kasama ang dalawang kaibigan, itinayo niya ang AGA Academy sa nasabing lugar.

"I started with one student and one staff. And that staff is me."

Ngunit dahil sa dedikasyon at pagsisikap ni Abby, mabilis na dumami ang mga nagsipag-enroll.


"Currently, we are close to 900 students... for the period of twelve months," kwento niya. "We have six license courses right now, and we are waiting for ten more to come. Kasi yung licensing talaga, it takes between six months to one year."

Kasalukuyang nag-ooffer ang AGA Academy ng Community Support and Addictions Worker Diploma, Tourism Management Diploma, Pharmacy Assistant, Massage Therapy Diploma, Advanced Massage Therapy Diploma, at Digital Marketing and Web Design Diploma.

Samantala, ngayong taon naman ay maaari na silang tumanggap ng international students matapos na na-designate bilang learning institution ng Immigration, Refugees, and Citizenship Canada (IRCC) ang academy ni Abby.

Nagbigay naman ng mensahe si Abby pagdating sa tagumpay, "If you fail, who cares?

"Do it again. Climb up the ladder. Do it again. Hindi ko matandaan kung ilang beses akong nag-fail in this path, but you know what, you will be successful. Just keep on trying."



# Bonifacio pamantayan ng bayani; alamin ang mga totoong traydor

MAPAGPATAWAD ang Pilipino sa mga traydor sa kalayaan. Hinayaang umasenso ang buhay nila imbis na parusahan. Kulaboretor sa Kastila si Pedro Paterno, dating tagapayo ni Emilio Aguinaldo; naging editor ng diyaryo. Si Dominador Gomez, na nagsuplong kay Macario Sakay sa Amerikano, ay naging mambabatas. Si Manuel Roxas, na humawak ng tatlong puwesto nu'ng Japanese occupation, ay tinulungan ni Gen. Douglas MacArthur mag-presidente. Si Benigno Aquino Sr., hepe ng solo partido Kalibapi nu'ng Panahon ng Hapon, ay sa sabungan imbes sa piitan inatake sa puso at namatay, habang nililitis ng war crimes. Pinalaya sina Japanese puppet president Jose P. Laurel at executive secretary Jorge Vargas. Balik Kongreso si Claro M. Recto. Pinasya ni war crimes prosecutor Lorenzo Tañada nu'ng 1947 na hindi otomatikong traydor ang kulaboretor kung walang utang na dugo. Kaya nagkaroon pa sila ng mga rebulto, at ipinangalan sa kanila ang mga kalye at bayan.

Samantala, naghirap ang mga tunay na bayani. Namatay si Apolinario Mabini sa TB sa isang kubo sa Nagtahan, Manila, matapos makauwing buto't balat mula exile ng mga Amerikano. Malamya ang paggunita kina Heneral Antonio Luna, unang hepe ng Sandatahang Lakas; at kay Chief Justice Jose Abad Santos na pinugutan dahil ayaw humalik sa bandila ng Hapon. Konti ang may alam na si Wenceslao Vinzons, U.P. student leader, kongresista at gobernador, ay naggerilya kontra Hapones sa Bicol; nalipol ang pamilya niya.

Maling nilalarawan na ignorante si Andres Bonifacio na naka-kamisa de chino at pulang pajama na nagbuhat ng bolo kontra Kastila. Sa totoo, nakapag-aral siya kaya clerk sa Manila Port at makata.

Walang pinagkaiba ang maka-Beijing na opisyales ngayon: minamaliit sina Antonio Carpio at Albert del Rosario na tumutuligsa sa pambubusabos ng Komunistang China sa West Philippine Sea.

Ibahin na natin: iangat ang mga bayani; ibagsak ang mga traydor.


***EDITOR'S NOTE:*** All comments and opinions submitted by our contributing writers and herein published shall remain as personal opinion of our column writers. Viewliner shall not be held liable to any legal issues related to any commentaries that may appear herein.








PAHAYAGAN NG Kabitenyo

In God We Trust

ISSN-1656-0558

An English-Filipino newsweekly published every Monday by Pahayagan ng Kabitenyo with Editorial and Business Office at Unit-D 147 Panapaan IV, P.F. Espiritu IV, Bacoor, Cavite 4102.

Email: pahayaganngkabitenyo@Yahoo.com

Email: pahayagancavite@gmail.com

Entered as Second Class Mail at Postal Region IV San Pablo City under Permit N0 200305 on May 27, 2003

PAPER.Ph MEMBER



**ERNA BALAGTAS ANCHETA**
Publisher

**DIOSDADO ARIEL F. ALTO, JR.**
Editor-In-Chief

**DIOSAN MARUAL**

**KCEE NACION**
Marketing & Circulation Manager

**ATTY. EVELYN R. DOMINGUEZ**
Legal Counsel



| | |
|---|---|
| SUBSCRIPTION RATE : | P1,000.00/year |
| Advertising Rate : | P200.00/col. cm. |
| Legal Rate : | P160.00/col. cm. |

# GUHIT NG KAPALARAN

SAGITTARIUS: (Nob. 23-Dis. 21) Ang totoong hustisya ay mangingibabaw sa 'yung bakuran. Dahil hangad mo ang katarungan para sa lahat. Isang hamon ang makakasagupa, pero malalampasan. Huwag ikompromiso ang impluwensiyang taglay. Lucky numbers at color for the day ang 15, 47, 37, 59, 28, at royal blue.

CAPRICORN: (Dis. 22-Ene. 19) Ang totoo ang magpapalaya sa'yo. Maipapakita ang katapatan na magpapahiya sa mapanirang dila. Lucky numbers at color for the day ang 16, 26, 39, 44, 52 at mustard yellow.

AQUARIUS: (Ene. 20-Peb. 18) Matutupad ang pa-ngarap na tumira sa sariling bahay, kung uumpisahan mo na ang maghanap ng trabaho. Lucky numbers at color for the day ang 22, 34, 56, 17, 55 at cyan blue.

PISCES: (Peb. 19-Mar. 20) Magagawa nang mamasyal kasama ang especial someone. Huwag lang makalimot sa mga maiiwanan. Lucky numbers at color for the day ang 33, 46, 23, 55, 11 at lava red.

ARIES: (Mar. 21-Abr. 19) Ang energy ng youth ay nakatuon sa happenings. Alalahanin lang na maniningil ang health sa bawat pag-abuso. Lucky numbers at color for the day ang 23, 41, 39, 53, 12 at lavender.

TAURUS: (Abr. 20-May. 20) psychic, ito ang makakatulong para mapili ang desisyong makakapagpapasaya sa'yo. Lucky numbers at color for the day ang 45, 26, 18, 58, 33 at cyan blue.

GEMINI: (May. 21-Hun. 21) Increasing ang business, kaya happy ka. Mapupuntahan na ang mahal sa abroad. Lucky numbers at color for the day ang 25, 16, 47, 36, 55 at satin white.

CANCER: (Hun. 22-Hul. 22) Huwag damdamin ang kasawian. Dahil dara-ting ang taong makakatulong para bumalik ang dating sigla. Lucky numbers at color for the day ang 42, 32, 57, 16, 23 at cobalt blue.

LEO: (Hul. 23-Ago. 22) Magiging buo ang loob kung pauunlarin ang kaalaman. Mag-aral at pairalin ang disiplina sa sarili. Lucky numbers at color for the day ang 36, 45, 52, 26, 16 at emerald green.

VIRGO: (Ago. 23-Set.23) Magkakalat ka ng papuri sa kapwa, bagay na aakit ng good vibes para sa'yo. Gawin ang mga plano. Lucky numbers at color for the day ang 38, 47, 25, 12, 52 at electric blue.

LIBRA: (Set. 24-Okt. 23) May makikilala na makakatulong sa'yo. Potential partner din siya sa buhay kung single ka. Lucky numbers at color for the day ang 39, 25, 26, 52, 13 at cherry red.

SCORPIO: (Okt. 24-Nob. 22) Maaakit ang taong magiging life partner. Magkakaroon ng bagong negosyo. Paunlarin ang spiritual practice. Lucky numbers at color for the day ang 26, 37, 42, 56, 12 at mango orange.

# Dominguez urges foreign businessmen to invest in Philippines' 'game-changing' initiatives to sustain strong recovery amid pandemic

Finance Secretary Carlos Dominguez III pitched before foreign investors Friday the Philippines' "game-changing undertakings" to ensure a strong, inclusive and resilient recovery from the pandemic as he urged them to take part in these initiatives to help achieve a 'sustainable and better future" for the Filipino people.

These gamechangers include a fast-tracked digitalization program across the Philippine bureaucracy, the timely passage of the corporate tax reform law, the establishment of a national ID system, measures to improve the ease of doing business, the sustained modernization of the country's infrastructure, and ambitious climate adaptation and mitigation projects, Dominguez said.

Dominguez said investment partnerships with foreign investors can be strengthened in the areas of infrastructure development, manufacturing, digital technology, renewable energy (RE) and research and development (R&D) activities.

"This is a good time to expand collaborations. Our countries are emerging from the pandemic, led by the adept public policy and strong private sector initiatives," Dominguez said in today's virtual Philippine Economic Briefing (PEB) with the different foreign chambers in the country.

Dominguez also reaffirmed the Philippines' rosy post-pandemic economic outlook in his pre-recorded message to be aired later during the 10th anniversary celebration of the Italian Chamber of Commerce in the Philippines Inc. (ICCPI)

"The Philippines is a vibrant market once again. We are determined to return to the pattern of rapid growth momentarily interrupted by the pandemic. We are more than ready for the new and better normal," Dominguez said at the ICCPI event.

With COVID-19 infections declining at a steady rate owing to the Philippines' scaled-up vaccination drive, Dominguez reiterated the economic team's earlier assessment of achieving a full reopening of the economy by the onset of the New Year.

Dominguez said he expects the 7.1 percent growth of the economy in the third quarter, along with the increase in foreign direct investments (FDIs), sound financial position and continuing fiscal discipline to further lead to a better gross domestic product (GDP) performance in the fourth quarter.

In calling on the foreign chambers to help spread the word and encourage more investors "to be involved in (the Philippines') game-changing undertakings" Dominguez cited the government's measures to transition to a digital economy, such as the use of electronic channels by the main revenue-generating agencies to enable them to overshoot their collection targets, and the migration of transactions online to develop broad-based and inclusive capital markets, such as those initiated by the Securities and Exchange Commission (SEC) and the Bureau of the Treasury (BTr).

Dominguez also underscored the timely passage of the Corporate Recovery and Tax Incentives for Enterprises Act (CREATE) that offered businesses the biggest stimulus package ever to help them recover from the pandemic; and modernized the fiscal incentives system to encourage more high-value investments and innovation.

He said CREATE complements the other reform efforts initiated by the Duterte administration to make the Philippines more business friendly.

These include the Anti Red-Tape Act (ARTA), the Ease of Doing Business (EODB) Act, the infrastructure modernization program, and the establishment of a national ID system, among other measures.

The Philippines will take full advantage of its demographic sweet spot, where its young and talented population means a workforce prepared to swiftly adjust to the transformations taking place in the economy, Dominguez said.

He said the remaining period of President Duterte's term will be focused on rapidly modernizing governance and accelerating the rollout of the infrastructure program.

Dominguez said the Duterte administration will also continue to push for the congressional passage of economic liberalization bills and the remaining packages of the tax reform program covering property valuation and passive income and financial intermediaries.

He urged entrepreneurs to maximize the impact of these business-friendly measures by shifting to the circular economy and promoting sustainable business models.

For its part, the government has started undertaking practical actions to fight climate change, such as launching its Sustainable Finance Roadmap; pushing a ban on single-use plastics; partnering with the Asian Development Bank (ADB) to accelerate the transition from coal to clean energy; finalizing a framework for the issuance of the Philippines' first-ever sovereign green bonds; and tapping the expertise of Filipino experts to engage Filipinos in climate-vulnerable communities and prepare them to execute localized action plans, Dominguez said.

"I hope the foreign chambers in the Philippines will help us spread the word and encourage more investors to be involved in all of these game-changing undertakings. We look forward to your continued support and to working with you more closely in achieving a sustainable and better future for the Filipino people," Dominguez said.

He cited the Philippines' increasing FDIs, growing remittance inflows from overseas Filipino workers (OFWs), ample international reserves, stable exchange rate and rising revenue collections as indicators of an economy on the way to a strong recovery.

"After so many challenging months, the numbers are now all in our favor," Dominguez said.

Dominguez also cited the country's solid fiscal position under the Duterte administration which is reflected in its sustainable debt-to-GDP ratio, high credit ratings, successful Samurai and other bond issuances amid the pandemic, to name a few, as the other factors that will lead to the country's strong economic rebound while it ramps up vaccinations against COVID-19 " to roll back this pandemic for good."

ARMYNAVY
BURGER + BURRITO

Angel's
HAMBURGER
Ang Burger ng Bayan

PAHAYAGAN NG
Kabitenyo
ISSN-1656-0558
In God We Trust
VOL. 20 NO. 40 NOVEMBER 29 - DECEMBER 5, 2021 10.00



Nobyembre 25, 2021. Ternate at Silang, Cavite. Namahagi ng ayuda si Sen. Francis "Tol" N. Tolentino kasama si Bb. Aniela D. Tolentino.


## "MAHAL KO KALIKASAN, KAYO?" ????



Nakilahok si Mayor Gemma Lubigan sa isinagawang Giant Bamboo Seedlings Planting Activity sa Central Composting & Waste Revycling Facility (old dumpsite) sa de Ocampo kasama ang City Environment and Natural Resources Office - CENRO Trece Martires City.

Ang nasabing aktibidad ay inilunsad bilang pakikiisa sa National Environmental Awareness Month at National Climate Change Consciouness Week.

Source: Mayor Gemma Buendia Lubigan (Facebook)






Pinasinayaan po natin, kasama si Vice Mayor Homer Saquilayan at ang buong Team AJAA ang tulay sa Mariano Espeleta 3. Nawa ang tulay na ating naipagawa ay maging daan upang mabawasan ang traffic at baha sa lugar na ito at magpatuloy ang daloy ng ginhawa para sa mas maunlad na Lungsod ng Imus.

## Ibinahagi ni Cavite Governor Jonvic Remulla ang kaniyang naging pagtanggap sa partido ni Vice President Leni Robredo, na nag-ikot sa lalawigan nitong nakaraan Huwebes.



Aniya, "naging bisita ko sa aking tanggapan si VP Leni Robredo at Sen Kiko Pangilinan. Malugod ko silang tinanggap bilang ama ng lalawigan at isang maginoong Kabitenyo."

Matapos nito ay sinabi ng gobernador ang kaniyang "stand" sa naging pagtanggap sa naging pagbisita ni Robredo.

"2022 will probably be the nastiest and most toxic election in Philippine History. The fireworks have already begun. Yet I received the Vice President with the dignity and professionalism she deserves not just as the incumbent second highest Official of the Republic but also out of respect to her as a woman, leader and mother," ani Remulla.

Paliwanag pa niya, bagaman may mga kaukulang usapin na hindi nila pinagkakasunduan ay pareho naman umano sila ng paniniwala na "people deserve a leader the Filipinos can be proud of."

Dagdag pa niya, "One who speaks not only about the country's glorious past and challenges but also one with a vision towards a better tomorrow. A leader who represents the peoples' hopes and dreams and not one who incites fear amongst the people."

Bago umano umalis si Robredo ay nagbigay siya ng mensahe sa bise presidente.

"Before we parted, I asked only one thing from VP Leni: "No matter what happens please do not give in to the hate.""

Source: Jonvic Remulla (FB)

